POWERFUL NEIGHBORHOODS

# Mga elektrikal na pag-upgrade para sa iyong tahanan o negosyo



Ang Powerful Neighborhoods ay tumutulong sa mga komunidad na lumipat sa mga de-kuryenteng appliance na matipid sa kuryente mula sa natural na gas, gaya ng pagpapainit at pagpapalamig ng espasyo, at pagpapainit ng tubig. Idinisenyo ang programang ito para gawing mas sustainable, mas komportable, at mas matipid sa kuryente ang mga tahanan at negosyo. Sa pamamagitan ng pag-invest sa mas malinis na kinabukasan, tinutulungan natin ang mga tahanan at negosyo sa pag-upgrade sa mga moderno at de-kuryente lang na appliance—**nang may kaunti o walang gastos.**

Magsimula sa **powerfulneighborhoods.com**

## Sino ang puwedeng lumahok?

Para maging kwalipikado, ang iyong tirahan o negosyo ay matatagpuan dapat sa kapitbahayan ng programa. Tingnan ang iyong pagiging kwalipikado sa **powerfulneighborhoods.com**.

## Magkano ang magagastos dito?

- **Para sa mga residente ng mga tahanang may iisang pamilya (single family) at maliit na maramihang pamilya (small multifamily) (2-4 na unit):** LIBRE ang elektrikal na pag-upgrade sa tahanan ninyo! Sagot ng Powerful Neighborhoods ang lahat ng gastos.
- **Para sa mga may-ari ng negosyo:** Sasagutin ng Powerful Neighborhoods ang 80% ng mga gastos sa proyekto. Makakatanggap ka ng detalyadong **Plano ng Proyekto** na nagbabalangkas ng mga gastos na ito bago ka magpasya.

## Ano ang matatanggap ko?

Makakatanggap ang bawat tahanan o negosyo ng naka-customize na **Plano ng Proyekto** na may mga inirerekomendang **pagpapahusay na posibleng kinabibilangan ng:**

- Induction na kalan
- Heat pump (para sa pagpapainit at pagpapalamig)
- Pagpapainit ng tubig
- Insulation
- Pagseselyo ng duct
- Mga pag-upgrade sa electrical panel

Ang lahat ng proyekto sa iyong kapitbahayan ay kailangang magpatuloy nang sama-sama. Pagkatapos mong suriin at aprubahan ang iyong **Plano ng Proyekto**, kailangan din itong gawin ng lahat ng iba pang tahanan at negosyo sa iyong kapitbahayan bago makapagsimula ang anumang trabaho.

## May mga tanong?

Tumawag sa **341-223-8333** o mag-email sa **info@powerfulneighborhoods.com**.

resource innovations

Authorized Implementer of PG&E Programs

Ang “PG&E” ay tumutukoy sa Pacific Gas and Electric Company, isang subsidiary ng PG&E Corporation. © 2025 Pacific Gas and Electric Company. Ang programa ng pagtitipid sa kuryente na ito ay pinopondohan ng mga customer ng utility sa California at pinapangasiwaan sa pamamagitan ng PG&E sa ilalim ng pagtataguyod ng Komisyon sa Mga Pampublikong Utility ng California (California Public Utilities Commission). Ang programa ay ipinapatupad at pinapamahalaan ng Resource Innovations, Inc. at ng mga awtorisadong kinatawan nito. Ang “PG&E” ay nakarehistrong trademark ng PG&E Corporation. Hindi responsibilidad ng PG&E ang anupamang content, pangalan, o marka sa mga materyales ng programa na ito.